AHA! LEARNING CENTER'S

**ESKWELANG PAMILYA**

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 48**

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 48** |
|---|
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - "Ang Aso Kong Biglang Nagsalita" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Aso Kong Biglang Nagsalita**

**WRITING PROMPT LESSON 48**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, merong biglang magsasalita! Sino kaya ito? Handa na ba kayong malaman? Simulan na natin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Isang araw, pagbalik mo sa pagbili ng suka sa tindahan, narinig mong may nagsasalita sa loob ng bahay. Alam mong walang tao sa inyong bahay dahil nagsabi rin ang iyong nanay na siya'y lalabas para iabot ang baon ng iyong ama sa kabilang barangay. Dahan-dahan mong binuksan ang pinto at nakita mo ang iyong alagang asong si Brownie na nakikipag-usap sa stuff toy mo.

•Ano ang mararamdaman mo sa sitwasyong ito?
•Ano ang sinasabi ni Brownie sa stuff toy?

•Nung nakausap mo na si Brownie, ano daw ang dahilan kung bakit siya nakakapagsalita?
•Anong sasabihin mo sa pinakamamahal mong asong si Brownie kung siya ay nakakapagsalita at nakakaintindi ng ating mga sinasabi?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang gagawin mo kung biglang nagsalita ang iyong alagang aso? Isulat ang inyong kwento! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."